

3/27/2026

Mahalagang paunawa mula sa Department of Developmental Services tungkol sa:

PINAL NA PAGPAPASYA SA ANTAS NG PANGANGALAGA

D-2026-Mga Serbisyong Nakabase sa Tahanan at Komunidad-001

Ano ang Dapat Malaman

Ina-update ng Department ang proseso ng pangangasiwa nito para sa mga pagtukoy ng Antas ng Pangangalaga (Level of Care, LOC) ng mga regional center. Ang update na ito ay kinakailangan upang mas mahusay na umayon sa mga pederal na kinakailangan para sa mga Serbisyong Nakabase sa Tahanan at Komunidad ng California na Waiver para sa mga Indibidwal na may mga Intelektwal na Kapansanan at Waiver ng Programa ng Pagpapasya ng Sarili.

Ano ang Magbabago

Walang magbabago para sa mga indibidwal o pamilyang tumatanggap ng mga serbisyo. Pagkatapos ng Mayo 1, 2026, maaaring magresulta ang direktibang ito sa naka-target na follow-up sa mga regional center depende sa kaso.

Ang direktibang ito para sa mga regional center ay nagpapaliwanag kung paano rerepasuhin ng Department ang mga pagtatalagang LOC:

- Kung hindi ipinapakita ng CDER na karapat-dapat ang isang tao, makikipag-ugnayan ang Department sa kanyang regional center para sa karagdagang impormasyon.
- Kakailanganin ng regional center na magbigay mga karagdagang dokumento na magpapakita na karapat-dapat ang tao.
- Karamihan sa mga indibidwal na isinumite ng mga regional center para sa pag-enroll sa waiver ay tumutugon sa LOC batay sa CDER at hindi sasailalim ng direktibang ito.

May mga Katanungan?

Ang mga indibidwal at pamilya na may mga katanungan tungkol sa LOC ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang service coordinator. Maaaring mag-email ang mga regional center sa levelofcare@dds.ca.gov.

Alamin Pa

- [Mga Serbisyong Nakabase sa Tahanan at Komunidad Waiver para sa may Kapansanan sa Pag-unlad \(Home and Community-Based Services Waiver for the Developmentally Disabled, HCBS-DD\):](https://www.dhcs.ca.gov/services/ltc/Pages/DD.aspx)
(<https://www.dhcs.ca.gov/services/ltc/Pages/DD.aspx>)

